

The Ascension of the Lord

Acts 1:1-11; Ps 47; Eph 1:17-23/4:1-13; Mark 16:15-20

Ang misa natin ngayon ay para sa dakilang kapistahan ng pagpanhik ng Panginoon sa langit. Ayon sa Unang pagbasa hango sa Gawa ng mga Apostoles, humigit kumulang, 40 araw na ang lumipas nang si Hesus ay muling nabuhay.

Dito nakabatay ang gawi natin tungkol sa 40 araw matapos ang pagpanaw ng isang mahal natin sa buhay. Naniniwala tayo, na sila ay papanhik na rin sa langit.

Pagpanhik, pag-akyat. Sa Ingles, “was taken up, was carried up.” Sa Griyego, *analempthe* (ἀνελήμθη). Ang kilos ay pataas. Hindi nalalayo sa diwa ng mga salitang Kastila, ELEVARSE! O ang sariling atin, ARRIBA!

Kaya, inadya na sa araw na ito na pinagdiriwang natin ang pag-ARRIBA ng Panginoong Hesus sa kalangitan, ang ating mag-aaral ay magsisi-ARRIBA rin! Papanhik sa entablado, aakyat sa luwalhati ng pagtatapos ng kanilang pag-aaral. The ascension of Christ and the ascension of our students.

At tumitingkad ang kaisipan, dahil sa matagal na paghihintay sa pagganap nito. Ilang taon din ang ginugol sa pag-aaral. At dahil nga sa quarantinang dulot ng pandemya, nabitin tayo nang justo. Umasa. Nanabik. Naudlot. Pero ngayon, tuloy na tuloy na rin.

Ascending. Descending. Rising up. Going down. Paakyat. Pababa. Ang Bibliya ay hitik sa ganyang mga salita. The topography of the Holy Land supports the idea – mountains, valleys, hills, plains, heights, depths. Ganyan din ang “topography” ng buhay Kristiyano – mga bundok at burol, mga lambak at patag; Mga kabanata ng pagbaba, pagbagsak, pagsayad; mga karanasan ng pag-akyat, pagtataas, pagbangon;

Maging sa pag-aaral ninyo dito sa Letran, maging sa pagharap natin sa hirap ng buhay, sa pasakit ng pandemyang ito.

May ilang aral na hatid ito. Ituring natin na pabaon sa mga mag-aaral na nagsisipagtapos ngayon. The Ascension as Lessons for Life.

Una, ang pag-akyat sa langit ay kaugnay ng pagkabuhay na mag-uli. The Ascension is integral to the Resurrection. Rising from the dead leads to going up to heaven. Kaya nga sa ating Credo, "On the third day, he rose again from the dead; he ascended into heaven; and is seated at the right hand of the Father." Nabuhay na mag-uli; umakyat sa langit; naluluklok sa kanan ng Diyos Ama sa langit.

Ang pag-akyat ng ating mag-aaral sa maluwalhating entablado – kahit virtual – ay pagkakataon ng pagbangon sa buhay, sa panibagong buhay, sa pagkabuhay na mag-uli. Ito ay pagdiriwang ng tagumpay laban sa kamatayan. We celebrate life and victory of life over death. Ito rin ay ang pahayag natin sa banta ng COVID19; kahit nakamamatay, nakahahawa, nakakatakot, itong ceremonia ay celebracion. Buhay tayo! Panalo tayo!

Ikalawa, ang pag-akyat ni Hesus sa langit ay may kaakibat na pag-alis at paglayo. Departure. Separation. Sa Jerusalem, ang pook kung saan ginugunita ang pag-akyat ni Hesus sa langit, ay sakop ng mga Muslim, at kapisirang bato na lang ang naiwan, na tila may bakas ng paa. Hindi maganda ang lugar; hindi na nga natin hawak; hindi nga maganda sa picture. Ang nananatili ay alaala – ang saglit ng huling encuentro sa Kristong muling nabuhay, bago Siya bumalik sa Ama.

Ang pagsusumikap natin na gawing espesyal at natatangi ang pagtatapos na ito ay sa ngalan ng alaala. It is all about remembering. From the souvenir program, the graduation photos, the diploma, the solemn conduct of this event – originally intended at the PICC, but now digitally recorded and premiered – they all speak about memory.

And the philosophy of history tells us about the contingency of human events. As the happening becomes singular, it becomes more special. Ang minsan lang maganap, bukod tangi ang pag-alala. Tulad ng kaarawan, ng kamatayan, ng pagsisimula, ng pagtatapos, ng quadricentennial ng Letran.

With the 400th anniversary of the Colegio, and our original plans to construct new buildings, to put up new monuments and markers, to design, develop and market mementos and merchandise - all set aside by this pandemic, we can now only bequeath to you the singular and special title, OUR QUADRICENTENNIAL BATCH. And as our *himno* goes, "*y jamas, olvidarte, Letran!*" Never forget Letran. Always remember Letran. As we remember you, on this day of your graduation, of your ascension, our quadricentennial alumni.

Ikatlo, ang pag-akyat sa langit ay may habilin, may pabaon. Habang nakatingala ang mga alagad sa pagpanhik ni Hesus sa kalangitan, ang sabi ng anghel, "Tulad ng pag-akyat Niya, Siya rin ay babalik... samantala, kayo - humayo at ipalaganap ang magandang balita!" With the ascension, with this graduation, these commencement exercises, you are commissioned to go and preach the gospel. To look up with hope, to expect Jesus' return.

Nakatingala tayo, ngunit hindi nakatunganga. May tinakdang gawain, may tinatanaw tayo. Mga ginigiliw na mag-aaral, isaloob itong mga aral ng Pag-akyat ni Hesus sa langit - bumangon at magbagong-buhay, huwag makalimot, huwag mawawalan ng pag-asa. Ito ang mabuting balita ng Panginoon. Pinupuri ka naming, Panginoong Hesukristo.

15 Mayo 2021